

Light Reading

Set.–Okt. 2020

## **Manatiling Presko sa Susunod na Tag-init, Magtanim ng Puno Ngayong Taglagas**

Matapos ang isa na namang mainit na tag-araw, maaaring naghahanap ka ng mga paraan upang manatiling malamig sa susunod na tag-init. Makatutulong ang madiskarteng pagtanim ng mga puno sa pagpapalamig ng iyong bahay at pagpapabuti sa pagtitipid ng kuryente nito.

Maraming benepisyo ang mga puno. Nakababawas ito ng pag-agos ng tubig dahil sa ulan, nakakapagpataas ito ng presyo ng bahay at lupa at nakakapagtaguyod ito ng kalusugan ng tao. Ang isang puno na deciduous (naglalagas ng dahon kada taon)—iyong nalalagasan ng dahon sa panahon ng taglamig—na nakatanim sa kanlurang bahagi ng iyong tahanan ay kayang magbigay ng lilim sa iyong tahanan tuwing tag-init at magbigay-daan sa sikat ng araw na painitin ito sa taglamig. Dumarami ang mga benepisyo ng puno sa pagbibigay ng lilim at pagpapalamig habang lumalaki ito. Ang isang bahay na tipid sa kuryente at may dalawang puno na 25 talampakan ang taas na tumatabing sa kanlurang bahagi nito ay mas malamig at mas komportable tuwing tag-init, at makakabawas ng gastos sa pagpapalamig ng tahanan tuwing tag-init.

Tandaan na para sa lilim mula sa mga puno sa ating lugar, pinakamainam ang kanluran. Tiyaking magtanim ng mga puno nang malayo sa mga kable ng kuryente at tumawag sa 8-1-1 bago maghukay. Ang pagtanim ng mga puno sa iyong taniman ay nangangailangan ng libreng permiso mula sa Seattle Department of Transportation (Departamento ng Transportasyon ng Seattle). Para sa impormasyon tungkol sa permiso at listahan ng mga punong may angkop na sukat upang itanim malapit sa mga kable ng kuryente, tingnan ang online na Street Tree Manual ng Seattle Department of Transportation na makukuha sa web page na ito:

[seattle.gov/trees/planting-and-care/street-trees](http://seattle.gov/trees/planting-and-care/street-trees).

## **Apektado ang pananalapi dahil sa COVID-19? Makatutulong kami.**

Nag-aalok ang City Light ng iba't ibang dulugan para tulungan ang mga customer na pinansyal na naapektuhan ng pandemya ng COVID-19. Hindi namin puputulan ang sinuman dahil sa hindi pagbabayad sa panahong ito na puno ng pagsubok, at mayroon kaming mga opsyon sa pagbabayad at programa ng tulong para sa mga nangangailangan nito.

Kung nahihirapan ka dahil sa pera, mangyaring makipag-ugnayan sa amin para makagawa tayo ng plano sa pagbabayad, sa pamamagitan ng pagtawag sa (206) 684-3000 o pagpapadala ng email 24/7 sa [seattle.gov/utilities/about-us/email-question](mailto:seattle.gov/utilities/about-us/email-question).

Makakakuha ng kumpletong listahan ng mga programa para sa tulong sa bill ng utilidad at iba pang dulugan ng komunidad sa <https://powerlines.seattle.gov/2020/03/18/covid-19-resources>.

## Mag-ingat sa Mga Scam na Tawag

Hindi kailanman tatawag ang City Light para humingi kaagad ng bayad sa pamamagitan ng telepono. Kung may makikipag-ugnayan sa iyo na nagbabantang puputulin ang iyong serbisyo kung hindi ka magbabayad kaagad, tapusin agad ang pag-uusap. Tapusin agad ang pag-uusap at tumawag sa amin sa (206) 684-3000 o bumisita sa [seattle.gov/light/endscams](http://seattle.gov/light/endscams) upang iulat ang pagtatangkang pag-scam. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [seattle.gov/light/endscams](http://seattle.gov/light/endscams).

## Ngayong Taglagas, Anihin ang Mga Tip na Ito

Habang umiikli ang mga araw at lumalamig ang mga gabi, karaniwang nilalakasan natin ang init, binubuksan ang oven, at gumagamit ng pumpkin spice! Kapag limitado ang pananalapi, mabuting maghanap ng mga bagong paraan upang manatiling komportable nang hindi pinapataas ang iyong bill sa kuryente. Narito ang mga tip upang tulungan kang magtipid ngayong panahon.

- Gamitin nang madiskarte ang mga ilaw sa bahay. Ang mga table lamp na nababago ang direksiyon at ibang ilaw na ginagamit sa pagtatrabaho ay kayang mag-focus ng pag-iilaw kung saan mo kailangan, at tinatanggal ang pangangailangan para sa mas malawak na pag-iilaw. Maaaring gawing matipid ang ilaw na panlabas at panseguridad gamit ang mga sensor at timer, kaya naman bukas lamang ito kapag kailangan.
- Hanapin at bawasan ang mga malamig na ihip ng hangin. Walang mas nakakaistorbo sa komportableng posisyon gaya ng ihip ng hangin, at ang pagtagas ng hangin ay maaaring responsable sa hanggang sa sangkatlo o kulang sa kalahati ng iyong mga gastos sa pagpapainit. Isaalang-alang ang pagsasagawa ng biswal na pagsusuri ng iyong tahanan, humanap ng ilaw na nakapapasok mula sa mga butas bilang senyales ng pagtagas ng hangin. Kabilang sa mga abot-kayang solusyon ay ang pag-i-install ng weather-stripping o pantakip sa mga bintana at pintuan, pag-i-install ng mga window kit para sa bagyo, at paglalapat ng caulk o pantapal sa paligid ng mga frame ng bintana sa loob ng bahay.
- Mag-ingat sa paggamit ng mainit na tubig. Maaaring nakatutukso na magpainit ng tubig na panligo, ngunit alam mo ba na ang pagpapainit ng tubig ay ikalawa sa pinakamalakas na gumagamit ng kuryente sa bahay kasunod ng pagpapainit at pagpapalamig ng bahay? Maging strikto sa makatuwiran at maiikling paligo at pag-isipang bumili ng showerhead na mahina ang daloy ng tubig.
- Ihanda ang iyong sistema ng pagpapainit. Ngayon ang panahon upang tanggalin ang alikabok mula sa baseboard o palitan ang mga filter ng iyong sistema ng pagpapainit. Ang mga sistema ng pagpapainit na maayos ang pagpapanatili ay mas mabisa at mas malamang na hindi masira. Huwag hayaang mapigilan o maharangan ng muwebles, kurtina at iba pang kagamitan sa bahay ang iyong sistema ng pagpapainit sa pagpapadaloy nito ng init kung saan ito kailangan.

## Nagtatrabaho sa Inyong Komunidad

May mga tauhan ang [Seattle City Light sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo](#):

- Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, vault, at poste ng ilaw upang palitan ang naluluma nang impraestruktura;
- Chinatown-International District: pag-upgrade ng mga ilaw sa ilalim ng deck sa LED sa ilang freeway overpass;
- Downtown Seattle: pag-i-install ng mga duct bank sa ilalim ng lupa upang gawing mas maaasahan para sa mga sistema ng kuryente sa downtown;
- Teritoryo ng Serbisyo: pinapalitan ang mga lumang poste ng utilidad sa buong lugar ng serbisyo para pabutihin ang kaligtasan at pagkamaasahan ng kuryente.
- Southwest Seattle: pagpapahusay ng mga komunikasyon sa pagitan ng ilang pang-utilidad na substation sa pamamagitan ng pagpalit ng mga overhead na fiberoptic na kable.

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa [seattle.gov/light/atwork](http://seattle.gov/light/atwork) upang magkaroon ng access sa aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto.

### Pangkaligtasang tip mula sa eksperto

*"Kapag nagtatrabaho sa labas sa paligid ng iyong bahay, alalahaning tumingala at tingnan kung may mga kable. Ilayo ang matataas na hagdan, gamit sa yero at gamit na pangtabas ng puno mula sa mga kable sa ere upang maiwasan ang mapanganib na sitwasyon. Kung nagpapalano kang magtrabaho malapit sa kable ng kuryente, tumawag sa City Light sa 684-3000 at magpaiskedyul ng pansamantalang pagputol ng kuryente para sa iyong kaligtasan."*

Seattle City Light

700 Fifth Avenue  
PO Box 34023  
Seattle, WA 98124-4023

Mayroon ka bang mga tanong, komento, o mungkahì? Tumawag sa **(206) 684-3000**.  
Patnugot: Tony White, [tony.white@seattle.gov](mailto:tony.white@seattle.gov)

Available ang newsletter sa Espanyol, Vietnamese, Chinese, Somali, Tagalog, at Korean online, o tumawag sa **(206) 684-3000**.